

PARA KAY: _____

TIRAHAN: _____

**LABING-APAT NA ARAW NA ABISO
PARA MAGBAYAD NG UPA O LISANIN ANG LUGAR**

Tumatanggap kayo ng nakalakip na abiso dahil sinasabi ng kasero na hindi kayo sumunod sa mga tuntunin ng kasunduan ng pagpapaupa sa pamamagitan nang hindi pagbayad ng upa at/o mga utilidad at/o umuulit o pana-panahon na singilin na lagpas na sa taning.

- (1) Buwanang upa na dapat bayaran para sa (ilista ang (mga) buwan):
AT/O \$ (halaga sa dolyar)
 - (2) Mga utilidad na dapat bayaran para sa (ilista ang (mga) buwan):
AT/O \$ (halaga sa dolyar)
 - (3) Iba pang umuulit o pana-panahon na singilin na tinukoy sa pagpapaupa para sa (ilista ang (mga) buwan): \$ (halaga sa dolyar)
- KABUUANG HALAGANG DAPAT BAYARAN: \$ (halaga sa dolyar)

Paalala – dapat magbayad sa pamamagitan ng cash, cashier's check, money order, o certified funds alinsunod sa mga tuntunin ng kasunduan ng upa sa bahay.

Dapat niyong bayaran ang kabuuang halaga sa inyong kasero sa loob ng labing-apat (14) na araw pagkaraang isilbi ang abisong ito o dapat ninyong lisanin ang lugar. Anumang bayad sa inyong kasero ay dapat munang tumugon sa kabuuang halagang dapat bayaran ayon sa nakalagay sa abisong ito. Anumang kabiguan na sundin ang abisong ito sa loob ng labing-apat (14) na araw pagkaraang isilbi ang abisong ito ay maaaring magresulta sa isang paglilitis ng hukuman na magdudulot sa pagpapaalis sa inyo mula sa lugar.

Isinalin ng Office of the Attorney General ng estado ng Washington ang abisong ito sa iba't-ibang wika na nasa web site nito. May matatagpuan din kayong impormasyon doon kung paano humanap ng isang abogado o tagapagtaguyod sa mababang halaga o walang bayad at anumang mapagkukunan upang matulungan kayong mabayaran ang inyong upa. Maaari ding tumawag sa 2-1-1 upang malaman ang tungkol sa mga serbisyong ito.

Ang batas ng estado ay nagkakaloob sa inyo ng karapatang magkaroon ng mga serbisyo ng interpreter sa korte.

MAY-ARI/KASERO: _____

PETSA: _____

SAAN DAPAT BAYARAN ANG KABUUANG HALAGA: _____
Pangalan ng may-ari/kasero

Tirahan